

**Estero Municipal Improvement District  
Polisiya ukol sa Pangongolekta at Pagkakahinto  
ng Residensiyal na Serbisyo sa Tubig**

**BATAYANG IMPORMASYON:**

Pinamamahalaan ng Titulo 8 ng Kodigo ng Estero Municipal Improvement District (Distritong Itinakda ng Gobyerno para sa Pagpapaunlad, "EMID" o "District") ang pagkakaloob ng serbisyo sa tubig at imburnal sa mga kostumer ng Distrito. Tsapter 8.44 ng idinedetalye ng Kodigo ang mga patakaran sa administratibong pagsingil para sa serbisyo sa tubig at posibleng pagkakahinto ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil.

Magkakaroon ito ng bisa simula Pebrero 1, 2020 at alinsunod sa Batas ukol sa Proteksiyon mula sa Pagsasara ng Pinagkukunan ng Tubig o Water Shutoff Protection Act (Batas ng Senado 998, 2018), itinatakda ng Kodigo para sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code) ng California na magpatupad ang Distrito ng polisiya na sumasakop sa pagkakahinto ng residensiyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, at isama sa polisiyang ito ang ilang probisyon na kaugnay ng mga apela at eksempsiyon. Pamamahalaan ng polisiyang ito ang mga patakaran sa pangongolekta ng Distrito na kaugnay ng mga singil para sa residensiyal na serbisyo sa tubig, bilang pag-ayon sa Tsapter 8.44 ng Kodigo ng EMID at pagtiyak sa pagsunod sa Kodigo para sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**PAGPAPATUPAD:**

Sakop ng polisiyang ito ang mga patakarang kaugnay ng pangongolekta sa delingkuwenteng residensiyal na account para sa serbisyo sa tubig, at pagkakahinto ng residensiyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad. Hindi ipinatutupad ang polisiyang ito sa pangongolekta o pagkakahinto ng serbisyo sa hindi residensiyal na kostumer at hindi ipinatutupad ito sa hindi na pagpapatuloy ng residensiyal na serbisyo sa tubig nang dahil sa hindi awtorisadong aksiyon ng kostumer.

**MGA PATAKARAN:**

Mga Delingkuwenteng Account:

Dapat bayaran ang mga singil para sa residensiyal na serbisyo sa tubig sa sandaling iprisinta ang mga ito. Alinsunod sa Kodigo ng EMID 8.44.060, kailangang laman ng bawat singil ang malaking bahagi ng sumusunod na pahayag:

*Mapapatawan ng multa at ihihinto ang serbisyo kapag hindi nabayaran matapos ang tatlung araw ng petsa ng pagpapadala sa koreo, o bago ang petsang ito.*

Ang mga delingkuwenteng account ay iyong mayroong hindi pa nababayarang balanse

(at iyong hindi pa nakagagawa ng pag-aareglo ukol sa pagbabayad o nakapagtakda na ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad) bago ang pagtatapos ng araw ng trabaho, 30 araw matapos ang petsa ng pagpapadala ng singil sa koreo. Ipatutupad ang mga sumusunod sa delinkuwenteng account:

1. Mga account na maliliit ang balanse: Anumang hindi pa nababayaranang balanse sa account na \$20 o mas mababa pa rito, ay posibleng maisama, at maidagdag sa susunod na panahon ng pagsingil nang hindi napapatawan ng multa dahil sa huling pagbabayad, o hindi nagkakaroon ng dagdag pang aksiyon para sa pangongolekta.
2. Multa dahil sa huling pagbabayad: Ang hindi pa nababayaranang balanse mula sa pang-indibidwal na singil sa pagtatapos ng araw ng trabaho sa ika-tatlumpung (ika-30) araw matapos maipadala sa koreo ang singil, ay papatawan ng batayang multa dahil sa huling pagbabayad na sampung porsiyento (10%) ng balanse ng hindi pa nababayaranang singil. May dagdag na multa na kalahati ng isang porsiyento (0.5%) na isasama sa bawat buwan na batay sa kalendaryo, hangga't nananatiling hindi bayad ang balanse, bukod pa sa batayang multa dahil sa huling pagbabayad sa anumang hindi pa nababayaranang singil. Kapag binayaran ng kostumer ang bahagi ng hindi pa nababayaranang balanse, pero hindi ang kabuuang balanseng ito, una munang ilalapat ang bayad sa matagal nang dapat nabayaranang balanse, at ilalapat naman ang anumang sobrang pondo sa singil para sa kasalukuyang buwan.

Bagamat totoo ang nakasulat sa itaas, kung kasalukuyang tumatanggap ang sinumang residente ng pinagseserbisyuhang kabahayan ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income (karagdagang pinansiyal na tulong sa matatanda o may kapansanan na kaloob ng pederal na gobyerno)/State Supplementary Payment Program (programa ng estado para sa karagandang bayad), o ng Espesyal na Karagdagang Programa ng California sa Nutrisyon para sa Kababaihan, Sanggol at mga Bata (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children), o kung mas mababa ang taunang kita ng kabahayan sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, hindi na sisingilin ng Distrito ang mga multa dahil sa huling pagbabayad na ipinataw sa iisang singil sa loob ng labindalawang (12) buwan.

3. Mga Lien (Karapatan sa Pag-aari nang Dahil sa Pagkakautang): Alinsunod sa Kodigo ng EMID 8.44.020, bukod sa ipinapataw na halaga bilang multa dahil sa huling pagbabayad, at batay sa pagpapasya ng Tagapamahala (Manager), posibleng magsampa ang EMID ng lien na nasa halaga ng hindi pa nababayaranang balanse laban sa ari-arian na sineserbisyuhan ng account, at magpapatuloy ang lien na ito hanggang sa mabayaran na nang buo ang mga singil at multa.

4. Mga kahilingan na ipagpaliban ang pagbabayad/kasunduan ukol sa alternatibong pagbabayad: Puwedeng humiling ang mga kostumer, na hindi kayang magbayad ng serbisyo sa tubig sa loob ng normal na takdang panahon ng pagbabayad, ng pagpapaliban ng bayad o ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad, at nang maiwasan ang mga multa dahil sa huling pagbabayad at/o pagkakahinto ng serbisyo. Maliban na lamang kung nabigyan na ang kostumer ng ipinagpapalibang pagbabayad, o ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa loob ng nakaraang labindalawang (12) buwan batay sa kalendaryo, kuwalipikado ang kostumer na humiling sa pamamagitan ng pagsulat, at ang Distrito na pagbigyan siya, ng alinman sa mga sumusunod:
- a. Pagpapaliban ng pagbabayad nang hanggang sa dalawang (2) magkakasunod na regular na singil nang hanggang sa dalawang (2) buwan. Matapos mapagpasyahan ng Distrito na kuwalipikado ang kostumer na ipagpaliban ang (mga) pagbabayad, padadalhan ng Distrito ang kostumer ng abiso na napagbigyan na ang kahilingan, at kasama sa abisong ito ang buwan o dalawang magkakasunod na buwan ng pagbabayad na ipagpapaliban, at ang petsa, o panahon bago ang petsang ito, kung kailan dapat ibigay ang ipinagpalibang bayad. Ang huling araw ng pagbibigay ng ipinagpalibang bayad ang magiging huling araw din ng pagbabayad sa unang regular na singil na ipadadala sa kostumer kasunod na panahon ng pagpapaliban. Hindi na maaaring humiling ang kostumer ng pagpapaliban sa pagbabayad sa singil na napatawan na ng multa dahil sa huling pagbabayad. Kapag nabigo ang kostumer na ibigay ang ipinagpalibang bayad sa takdang panahon, papatawan ng batayang multa dahil sa huling pagbabayad ang ipinagpalibang halaga, at sakop din ito sa pagkakaroon ng karagdagang multa dahil sa huling pagbabayad alinsunod sa Talata 2 ng Polisiyang ito.
  - b. Pagkakaroon ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad na naghahati-hati sa hindi pa nababayarang balanse ng kostumer, sa loob ng panahong itatakda ng kostumer, bagamat hindi maaaring lumampas sa labindalawang (12) buwan, na siyang panahon kung kailan magiging lampas na sa takdang panahon ng pagbabayad ang lahat o bahagi ng hindi pa nababayarang balanse. Kailangang hulog-hulugan ng kostumer ang kabuuang hindi pa nababayarang balanse sa ilalim ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad, at kailangang isama ang mga hulugang bayad sa regular na singil sa kostumer, at nang batay sa takdang petsa ng mga singil na ito. Matapos mapagpasyahan ng Distrito na kuwalipikado ang kostumer na humiling ng iskedyul para sa alternatibong pagbabayad, padadalhan ng Distrito ang kostumer ng abiso na napagbigyan na ang hiling, at isaad sa abiso ang panahon ng hulugang pagbabayad o amortization, at ang mga halaga ng bayad. Sa panahon ng hulugang pagbabayad, hindi na magkakaroon ang hindi pa nababayarang balanse ng multa dahil sa huling pagbabayad. Magkakaroon ng mga regular na

singil para sa serbisyo, at kailangan bayaran ang mga ito nang nasa oras sa panahon ng hulugang pagbabayad, at magrerresulta ang kabiguang bayaran ang regular na singil sa pagkabawi sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad, at agad na kailangan nang bayaran ang buong hindi pa nababayarang balanse, at magiging sakop ito ng karagdagang multa dahil sa huling pagbabayad at posibleng pagkakaputol ng serbisyo.

Puwedeg tumawag sa Distrito ang mga kostumer na gustong talakayin ang alinman sa mga opsiyong ito para sa pagbabayad upang maiwasan ang mga multa at/o pagkakahinto ng serbisyo, sa mga normal na oras ng trabaho sa (650) 286-3260.

5. Pagkakaputol ng Serbisyo dahil sa Hindi Pababayad: Hindi ihihinto ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa maging delingkuwente sa pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw. Susundin ng Distrito ang sumusunod na patakaran sa pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad:
  - a. Unang Abiso sa mga Tirahang Inookupahan ng Kostumer: Magpapadala ang Distrito, nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagputol ng serbisyo, ng nakasulat na abiso sa kostumer na kapareho ng address sa pagsingil ang address na sineserbisyuhan sa ilalim ng account. Kasama sa abiso ang mga sumusunod:
    - i. Pangalan at address ng kostumer
    - ii. Halaga na hindi pa nababayaran
    - iii. Petsa kung kailan dapat magbayad o gumawa ng kasunduan ukol sa alternatibong pagbabayad upang maiwasan ang pagkakahinto ng serbisyo
    - iv. Deskripsiyon ng proseso sa pag-aaplay para sa kasunduan ukol sa alternatibong pagbabayad
    - v. Deskripsiyon ng proseso upang hindi sang-ayunan o i-apela ang singil
    - vi. Numero ng telepono ng distrito at pahayag kung saan makukuha ng kostumer ang polisiyang ito

Kapag isinauli ang abiso sa pamamagitan ng koreo dahil hindi ito maihatid, gagawa ang Distrito ng makatwiran at may mabuting intensiyon na pagsusumikap upang bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng kopya ng abiso sa kapansin-pansing lugar kung saan malamang na makikita ito ng okupante.

Maaaring ipakita ng okupante ng tirahan, na siyang tumatanggap ng abisong ito na nasa ilalim ng Talata 5a, na ang kostumer ng delingkuwenteng account ay ang nagpapaupa, tagapamahala (manager) o ahente ng tirahan, sa pamamagitan ng pagkakaloob ng kopya ng kontrata ng renta para sa takdang panahon (lease) o kasunduan sa pag-upa (rental agreement), resibo ng pagbabayad sa upa, dokumento ng

gobyerno na nagpapakita na inuupahan ng okupante ang ari-arian, na impormasyong isinisiwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Kodigo Sibil (Civil Code) ng California, o sa pamamagitan ng iba pang pamamaraan na katanggap-tanggap sa Distrito. Kung gagawa ng gayong pagpapakita ang okupante, at kung magiging kostumer siya ng Distrito para sa posibleng serbisyo sa tubig, hindi itatakda sa okupante na bayaran ang balanse ng delingkuwenteng account, at hindi siya pagmumultahin o puputulan ng serbisyo nang dahil sa delingkuwenteng balanse. Posibleng gustuhin ng Distrito na mabawi ang delingkuwenteng balanse mula sa delingkuwenteng kostumer na nasa rekord sa pamamagitan ng anumang magagamit ng legal na paraan.

- b. Unang Abiso sa Umuupa (Tenant) na Hindi Nagmamay-ari at mga Tirahan na Mahigit sa Isa ang Unit (Multi-Unit Dwelling): Kung magkaiba ang address ng customer at ang address ng ari-arian, magpapadala ng mga kopya ng abisong nakalarawan sa Talata 5a na nasa itaas, nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng trabaho bago ang pagkakaputol ng serbisyo, kapwa sa kostumer at sa ari-arian, na naka-address sa "Okupante (Occupant)." Kung ang kostumer ay gusali o mga gusali na mahigit sa isa ang unit (multi-unit complex), na sineserbisyuhan sa pamamagitan ng pangunahing metro, gagawa ang Distrito ng makatwiran at may mabuting intensiyon na pagsusumikap upang magpadala ng kopya ng abiso sa kostumer at sa bawat unit o tirahan na naka-address sa "Okupante," nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo.

Bukod sa listahan ng mga bagay na lalamanin ng abiso sa ilalim ng Talata 5a, ipagbibigay-alam din ng abisong ipadadala sa ilalim ng Talatang ito sa mga residensiyal na okupante na mayroon silang karapatan na maging kostumer ng Distrito, kung saan posibleng singilin sila para sa serbisyo sa tubig, pero hindi itatakda sa kanilang bayaran ang hindi pa nababayaran balanse ng kasalukuyang nariryan nang account. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa mga residensiyal na okupante kung naaangkop ang alinman sa mga sumusunod:

- i. Papayag ang okupante ng bawat unit/tirahan na sineserbisyuhan ng kasalukuyang nariryan nang account ng kostumer na maging kostumer, at maging kostumer na nga siya ng Distrito;
- ii. Maipakikita ng isa o higit pang okupante ng unit/tirahan na sineserbisyuhan ng kasalukuyang nariryan nang account na may kakayahan siyang akuin ang responsibilidad para sa susunod pang singil sa account nang katanggap-tanggap sa Distrito; o
- iii. Mayroong makatwirang pisikal na paraan upang legal na mapili ng Distrito kung alin ang puputulan ng serbisyo sa mga indibidwal na unit/tirahan, kung saan magkakaloob ang Distrito ng serbisyo sa mga unit/tirahan na papayag na maging kostumer at susunod sa mga itatakda ng Distrito upang mapasimulan at mapanatili ang serbisyo.

- c. May Mabuting Intensiyon na Pinal na Abiso (Good Faith Final Notice): Dalawang (2) araw ng trabaho bago ang naka-iskedyul na pagputol ng serbisyo sa tubig, gagawa ang Distrito ng makatwiran at may mabuting intensiyon na pagsusumikap na makontak ang kostumer sa pamamagitan ng telepono sa numero na kaugnay ng account. Kapag hindi sumagot ang kostumer at may magagamit na opsyon upang mag-iwan ng mensaheng pasalita, mag-iwan ng mensahe ang kinatawan ng Distrito na tumatawag, kung saan kasama ang petsa ng naka-iskedyul na pagputol ng serbisyo at ng numero ng telepono na puwedeng magamit para matawagan ng kostumer ang Distrito, at sa gayon, matalakay ang mga opsyon sa pagbabayad.
- d. Huling Araw ng Pagbabayad: Kailangang matanggap ng Distrito ang lahat ng delingkuwenteng bayad sa singil para sa serbisyo sa tubig at kaugnay na iba pang bayarin bago sumapit ang 5:00 P.M., sa araw na nakatukoy sa nakasulat na abiso para sa pagputol ng serbisyo, at nang maiwasan ang pagkakaputol sa serbisyo.
- d. Pagputol sa Serbisyo: Sa araw matapos ang Huling Araw ng Pagbabayad, puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagsasara, at sa ilang kaso, sa pagkakandado, sa metrong nagseserbisyo sa ari-arian na kaugnay ng delingkuwenteng account. Sa araw ng pagputol ng serbisyo, mag-iwan ang Distrito sa madaling makitang lugar sa ari-arian, at magpapadala rin sa address ng kostumer para sa pagsingil, ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo.
- f. Pagbabalik ng Serbisyo: Upang maibalik ang serbisyo na naputol dahil sa hindi pagbabayad, kailangang magbayad ang kostumer ng singil para sa pagbabalik ng serbisyo (re-establishment fee) bukod sa hindi pa nababayaranang balanse. Magsisikap ang Distrito na muling maikonekta ang serbisyo sa pinakapraktikal na posibleng panahon, pero hindi na lalampas pa sa pagtatapos ng araw ng trabaho na kasunod ng araw ng buong pagbabayad ng kostumer ng hindi pa nababayaranang balanse at ng singil para sa pagbabalik ng serbisyo. Ang serbisyong hihilingin ng kostumer na maibalik nang makalipas ang 5:00 P.M., Lunes hanggang Biyernes o sa anumang panahon tuwing Sabado at Linggo, o sa pista opisyal, ay mangangailangan ng pagbabayad ng kostumer sa tinatayang halaga ng oras ng kawani na kaugnay sa trabahong off-hours (lampas na sa regular na oras ng trabaho), bago ang pagbabalik ng serbisyo.

Para sa aumang kabahayan kung saan may kasamang residente na kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o ng Espesyal na Karagdagang Programa ng California sa Nutrisyon para sa Kababaihan, Sanggol at mga Bata, o kung

mas mababa ang taunang kita ng kabahayan sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, hindi lalampas sa limampung dolyar (\$50.00) ang singil para sa pagbabalik ng serbisyo at hindi lalampas sa sandaan at limampung dolyar (\$150.00) ang mga gastos para sa off-hours na muling pagbabalik ng serbisyo na dapat bayaran ng kostumer.

6. Mga Hindi Kasali sa Pagputol ng Serbisyo: Hindi puputulin ang residensiyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad kung:
  - a. Magsusumite sa Distrito ang kostumer o ang umuupa sa kostumer, na nakatira sa tinutukoy na ari-arian, ng sertipikasyon ng tagabigay ng pangunahing pangangalaga (primary care provider), ayon sa pagbibigay-depinisyon ng Kodigo ukol sa Kapakanan at mga Institusyon ng California (California Welfare and Institutions Code) Seksiyon 14088(b)(1)(A), na nagsasaad na banta sa buhay, o malalang banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente na nasa lugar ang pagkakahinto ng residensiyal na serbisyo. Matapos maiprisinta ang sertipiko, kahit na mayroong normal na mga itinatakda upang maging kuwalipikado para sa iskedyul ng alternatibong pagbabayd, aalukin ng Distrito ang kostumer, sa pamamagitan ng pagsulat, ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad, alinsunod sa Talata 4b ng posisyang ito. Kapag tumanggi ang kostumer, o kapag hindi niya tinugunan ang alok na ito sa loob ng pitong (7) araw ng trabaho, puwede nang isulong o ipagpatuloy ng Distrito ang dati nang napasimulan na proseso ng pagputol ng serbisyo.
  - b. Maipakikita ng kostumer na wala siyang pinansiyal na kakayahan na magbayad para sa residensiyal na serbisyo sa loob ng normal na siklo ng pagsingil. Ituturing ang kostumer na walang pinansiyal na kakayahang magbayad kung may sinumang residente ng kabahayan na kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program o ng Espesyal na Karagdagang Programa ng California sa Nutrisyon para sa Kababaihan, Sanggol at mga Bata, o kung mas mababa ang taunang kita ng kabahayan sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan. Matapos ang gayong pagpapakita ng pruwera, kahit na mayroong normal na mga itinatakda upang maging kuwalipikado para sa iskedyul ng alternatibong pagbabayd, aalukin ng Distrito ang kostumer, sa pamamagitan ng pagsulat, ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad, alinsunod sa Talata 4b ng posisyang ito. Kapag tumanggi ang kostumer, o kapag hindi niya tinugunan ang alok na ito sa loob ng pitong (7) araw ng trabaho, puwede nang isulong o ipagpatuloy ng Distrito ang dati nang napasimulan na proseso ng pagputol ng serbisyo.
  - c. Napagbigyan na ng Distrito ang kostumer ng pagpapaliban ng pagbabayad o iskedyul ng alternatibong pagbabayad, at nakapagbigay ang kostumer ng bayad na kinakailangan sa ilalim ng pagpapaliban o ng

plano para sa alternatibong pagbabayad na iyon.

7. Mga Tumalbog na Tseke (Returned Check): Sa pagkakataong magbigay ang kostumer ng tseke na tumalbog o isinauli bilang non-payable (tinanggihang bayaran ng bangko ng kostumer) para sa anumang dahilan, aabisuhan ng Distrito ang kostumer ng tungkol sa isinauling tseke, sa pamamagitan ng sulat, sa lalong madaling praktikal na panahon. Kapag hindi nakagawa ang kostumer ng tamang bayad bago ang regular na (mga) huling araw ng pagbabayad, mapapatawan ang natitirang balanse sa account ng multa, at masasakop ang account ng pagkakahinto ng serbisyo kapag walang ginawang pagsubok na magbayad.

Sa pagkakataong magbigay ang kostumer ng tsekeng non-payable bilang bayad upang maibalik ang naputol na serbisyo, posibleng agad na putulin ng Distrito ang serbisyo nang walang paunang abiso. Itatakda sa kostumer na magbayad nang cash, sa pamamagitan ng credit card, o ng cashier's check o money order upang maibalk ang pagkakakonekta ng serbisyo at anumang susunod na pagkakaputol ng serbisyo na magaganap sa loob ng susunod na labindalawang (12) buwan.

8. Hindi Pagbabayad (Default) sa Ipinagpalibang Pagbabayad/Iskedul para sa Alternatibong Pagbabayad: Ang kabiguang gumawa ng nasa takdang panahon na pagbabayad, na kailangan sa ilalim ng plano para sa ipinagpapalibang pagbabayad o iskedyul para sa alternatibong pagbabayad, o para sa regular na singil sa serbisyo na nakuha habang nasa plano para sa ipinagpapalibang pagbabayad o iskedyul para sa alternatibong pagbabayad ang kostumer, ay ituturing na hindi pagbabayad (default) sa plano para sa pagpapaliban o iskedyul para sa alternatibong pagbabayad. Kapag nanatiling hindi pa rin bayad ang kostumer sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, magpapaskil ang Distrito ng abiso ng hindi pagbabayad at ang petsa kung kailan puputulin ang serbisyo sa madaling makitang lugar sa ari-arian. Hindi bababa ang petsa ng pagputol ng serbisyo sa limang (5) araw ng trabaho matapos ang petsa ng pagpapaskil. Kahit na mayroong regular na proseso ng pagputol, hindi itatakda sa Distrito na magkaloob ng anumang karagdang abiso sa kostumer na hindi nagbayad sa ilalim ng seksiyon na ito, bago ang pagputol ng serbisyo.



### Mga Hindi Pagsang-ayon at Apela ukol sa Singil:

Kapag hindi sinang-ayunan ng kostumer o ng nasa sapat na gulang sa tirahan na pinagseserbisuhan n account ang kawastuhan ng singil, puwede siyang magsumite ng apela sa Lungsod/Tagapamahala ng Distrito (District Manager) nang hindi lalampas sa sampung (10) araw matapos ang petsa ng takdang pagbabayad sa singil. Kailangang nakasaad sa nakasulat na apela ang dahilan para dito, at dapat kasama ang lahat ng impormasyon na makabuluhan sa apela. Dapat repasuhin ng Lungsod/Tagapamahala ng Distrito ang nakasulat na apela, at bigyan ang aplikante ng nakasulat na pasya nang may deskripsiyon ukol sa anumang pagbabagong ginawa sa inapelang singil.

Hindi ititigil ng Distrito ang serbisyo sa tubig habang may hindi pa napagpapasyahang apela sa ilalim ng Seksiyon na ito o hindi pa napagpapasyahan ng anumang administratbo o legal na ahensiya o lupon na ginawan ng naaayon sa batas na apela.

### Mga Abiso:

Ipagkakaloob ang lahat ng itinatak dang abiso sa ilalim ng polisiyang ito sa Ingles at sa lahat ng wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil ng California.

### Hindi Awtorisadong Serbisyo:

Ang serbisyo sa tubig na binuksan ng sinumang tao bukod pa sa kawani ng Distrito o nang walang awtorisasyon ng Distrito ay posibleng mapatawan ng multa at/o karagdang singil at bayarin. Responsibilidad ng kostumer ang anumang pinsala na bunga ng walang awtorisasyong serbisyo o ng pangingialam sa metro ng tubig.

### Taunang Ulat:

Taunang mag-uulat ang Distrito sa Lupon ng Estado para sa Pamamahala ng mga Pinagkukunan ng Tubig (State Water Resources Control Board) ukol sa bilang ng mga pagkakahinto ng residensiyal na serbisyo sa tubig na isinagawa ng distrito sa pagitan ng Pebrero 1 at Enero 31 ng nakaraang taon. Ipapaskil din ang ulat na ito sa webpage ng Distrito.

### Paqlalathala ng Polisiyang Ito:

Puwedeng makuha ang Polisiyang ito ng publiko sa Ingles at sa lahat ng wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil ng California. Puwedeng makuha ang nakasulat na polisiyang ito kapag hiniling, at makukuha rin sa website ng Lungsod ng Foster na nakatuon sa impormasyon at mga form ukol sa serbisyo ng tubig.

Mga Administratibong Patakarán: Koleksiyon at Pagkakahinto ng Serbisyo sa Tubig, may bisa sa Pebrero 1, 2020